

Mga manloloko pinupuntirya ang mga edad 50 pataas



Kayo ba ay naghahangad ng sapat na ipong salapi para sa inyong pagreretiro? Kung ganoon, maaaring kayo ay isa sa mga pangunahing pinupuntirya ng mga manloloko.

Basahin ang sumusunod para malaman ang mga dapat matyagan.

Bakit kayo ang pinupuntirya?

Sa kasalukuyan, ang mga manggagawa na nalalapit nang mag-retiro ay nahaharap sa isang kakaibang suliranin. Habang inihahanda nila ang mga kaukulang papeles, ang karamihan ay nagtataguyod pa ng pinansyal na pangangailangan ng kanilang mga anak. Ang iba naman ay may inakong pananagutan sa kanilang mga matatandang mga magulang na walang naipon para sa kanilang pagtanda.

Ang ganitong sitwasyon ay nagbigay sa mga manggagawang napipintong magretiro ng kaakibat na takot sa dahilang baka wala silang sapat na ipong salapi kapag sila ay nawalay sa Gawain.

Ang ganitong pangamba ay sinasamantala ng mga manloloko sa pamamagitan ng mapanlinlang na pangako ng pamumuhunan na may mataas na tubo, pero may posibling panganib ng pagkalugi. Nguni't ang katotohanan, ang pamumuhunan sa ganitong Uri ng negosyo ay malaki ang panganib na malugi at salungat sa hangarin ng taong nagnanais makatiyak na may sapat syang salapi kapag retirado na siya. Ang maaaring mangyari ay ang pagkawala ng malaking halaga kundi man lahat ng inyong perang naipon ay maglaho na rin.

Dahilan sa mahirap mabawi ang nawalang pera sa kaunting panahon, maraming mga pangarap para sa kinabukasan ng mga magreretiro ang nawasak.

Paano kayo maaring lapitan ng mga manloloko?

Narito ang dalawang karaniwang paraan ng paglapit sa may edad higit 50.

Mga pagsasanay para sa pagsosyo o pagtatayo ng negosyo (Investment seminars)

Ang mga bibiktimahin ay iimbitahan sa mga pagsasanay

na may libheng tanghalian o pagkain. Ang ganitong paraan ay madalas na gamitin ng mga manloloko.

May mga tagapagsalita sa mga ganitong seminar na malakas mang-akit dahil sa galing nila sa pagsasalita. Ang ipapakita ay ang mga negosyo o pamumuhunan na mataas ang tubo at mabilis ang pagbalik ng puhunan. Nguni't hindi nila ipababatid na ang mga produkto ay mapanganib o hindi akma sa iyo. Sila rin ay may katangiang malakas manghikayat na may kasamang intimidasyon upang ang kliyente ay mapapayag noon din o sumang-ayon sa mga susunod na pakikipanayam.


Sa palagay ninyo kaya ay hindi kayo mabibiktima ng manloloko?

Baka magulat kayo na ang mga nabibiktima na higit edad 50 ay mga taong sanay sa pamumuhunan.

Paano nalalaglag sa bitag ang mga taong sanay naman sa pamumuhunan? Ayon sa pagsasaliksik, ang mga ganitong tao ay hindi takot sa mapanganib na pamumuhunan. Isa pa, ang mga taong may sapat na karanasan sa negosyo at pamumuhunan ay malakas ang loob na magpasya kahit hindi sila sumangguni sa isang tagapayong pinansyal.

Kung anuman ang mga dahilan, tandaan lamang na ang isang batikang manloloko ay dalubhasa sa pagpapa-ikot ng mga tao upang sila ay pumasok sa mga maling pamumuhunan o negosyo.





Maari mong basahin ang iba pang uri ng panloloko at ang mga pangkaraniwang palatandaan sa “Protect your money.” Ang mga paraan upang makaiwas sa panloloko ay makikita sa www.csa-acsm.ca.

Sa pamamagitan ng pangkat na kinabibilangan

Ang panlolokong pangkatan ay nakatutok sa mga grupong katulad ng pangkating pang relihiyon, pangkat ng mga negosyante, mga katutubong grupo, at mga kasapi sa mga pampublikong samahan. Ang manloloko ay maaaring kasapi ng pangkat o kaya ay may kakilala sa loob ng grupo. Madalas ay nagtatagumpay ang mga ganitong operasyon dahil sa tiwalang ibinibigay kapag ang manloloko mismo ay kakilala o kasapi sa grupo.

Ano ang ilang uri ng mga panloloko?

Naririto ang ilang karaniwang panloloko sa mga taong may gulang na higit sa 50 taon.

Panloloko sa pamamagitan ng “Exempt Securities”

Ang “exempt securities” ay ibenebenta sa publiko ng mga kumpanyang may kaukulang permiso mula sa pamahalaan. Ang panloloko ay karaniwang nagsisimula kapag kayo ay nakatanggap ng alok na maglagak ng puhunan sa isang di umano’y magandang negosyo na malapit ng ialok sa publiko. Sasabihin sa inyo na ang nasabing alok ay para lamang sa mga mayayamang tao, nguni’t kapag kayo ay lumagda ng ilang papeles na magpapatunay na kayo ay may sapat na puhunan (kahit ito ay hindi totoo) kayo ay nanganganib na maging biktima. Ang “exempt securities” ay mapanganib at maaaring maging dahilan ng pagkawala ng lahat ng inyong puhunan.

Panloloko sa pamamagitan ng “Forex”

Ang ganitong uri ng panloloko ay karaniwang makikita sa mga patalastas sa internet o inilalathala sa mga pahayagan. Sa unang tingin ito ay legal at maayos, at nag-aalok na maglagak kayo ng puhunan sa dayuhang merkado (foreign exchange o forex market). Ikaw ay papaniwalain na ang taong hahawak ng iyong puhunan ay may sapat na karanasan sa ganitong uri ng negosyo. Ang katotohanan, ang pera mo ay basta na lang mawawala kasabay ng paglalaho ng manloloko.

Pamumuhunan sa Ibang Bansa

Sa ganitong uri ng panloloko, ikaw ay pangangakuan ng mataas na tubo sa pamamagitan ng paglagak ng iyong puhunan sa ibang bansa. Sasabihin pa sa iyo na makakaiwas ka sa pagbabayad ng buwis kapag sumali ka sa ganitong negosyo. Nguni’t ang hindi mo alam, mawawala na ang pera mo kapag ipinadala na ito sa ibang bansa dahil ibang tao na ang hahawak. Kasabay ng pagkawala ng iyong puhunan, maaari ka rin magkaroon ng utang sa buwis mo sa pamahalaan.

Alamin kung saan hihingi ng tulong

Ang mga “Securities Regulators” ay ang mga taong namamahala sa mga negosyong pamumuhunan sa buong Canada. Maaari kayong makipag-ugnayan sa inyong mga lokal na “securities regulator” upang malaman kung ang isang tao o kumpanya ay legal na rehistrado at upang mabatid kung sila ay napatawan na ng pang-disiplinang aksiyon. Maaari ring makipagtalastasan sa inyong lokal na “securities regulator” para sa mga hakbang na inyong isasagawa kung sa palagay ninyo ay naloko kayo.

Bisitahin ang website ng “Canadian Securities Administrators” sa www.securities-administrators.ca.

